Papalapit na si Bryce sa gate ng kanyang apartment nang bigla niyang maramdamang tila ba nagtayuan ang lahat ng balahibo niya sa katawan.

Someone was watching her.

Mabilis siyang lumingon at nakita sa kabilang kalye ang isang matangkad na lalaking nakatingin sa kanya. Hindi niya makita nang malinaw ang mukha nito dahil natatabingan na iyon ng anino ng takipsilim. He didn't look like a terrorist, but he looked like a predator. Kung ito ang pinadala ng kanyang ama para patayin siya, sigurado siyang magtatagumpay ito.

Humakbang siya palayo rito at nakitang nagsimula naman itong humakbang palapit. Hindi na siya nagdalawang-isip, nagsimula siyang tumakbo.

Narinig niya ang tinig nitong tinatawag ang kanyang pangalan. Binilisan niya lalo ang mga hakbang. Kahit nakabibingi ang pagkalabog ng kanyang puso, naririnig niya ang iba pang tinig pati na ang tunog ng mas marami pang mga yabag. Hindi lang iisa ang humahabol sa kanya!

"Bryce!" tawag ng lalaki.

Napasigaw siya nang maramdaman niya ang mga braso nitong pumalibot sa kanyang baywang. Iniangat siya nito at inikot pabalik sa sidewalk para maiwasan ang rumaragasang jeep na muntik na palang makabundol sa kanya. Nanlambot ang kanyang mga tuhod at napasandal siya sa malapad na dibdib ng

lalaki habang humuhugot ng malalim na hininga.

"Are you all right?" Malalim ang boses nito. Maingat ang mga kamay ng lalaki nang marahan siya nitong iniharap bago siya ininspeksyon mula ulo hanggang paa.

Hindi niya maialis ang mga mata niya rito. Parang pamilyar ito. Parang naramdaman na niya ang haplos ng mga palad nito at ang halik nito sa kanyang mga labi. Parang nakita na niya ang ngiti nito at ang magaganda at intense na mga matang—kulay berde ba iyon?—na nakatingin sa kanya.

Kung tauhan ito ng kanyang ama, kung papatayin siya nito, okay lang sa kanya na ang mukha nitong tila ba inukit ng Diyos ang huli niyang makikita.

"Hello, Bryce," sambit ng lalaki at napaawang ang kanyang mga labi.

"Bryce! Bryce!" tili ng isang babae mula sa likuran nito.

Napahulagpos siya mula sa pagkakahawak ng binata. Nakita niya ang isang pamilyar na mukha bago siya nito nilundag at niyakap nang mahigpit.

"Bryce," ulit nito sa kanyang pangalan at nagsimula siyang umiyak.

"Ate Mallory," hikbi niya bago gumanti ng yakap sa kapatid na matagal nang hindi nakikita.

Kinabukasan, nasa loob sila ng conference room ng opisina ng *Sentinels* sa Taguig para sa isang meeting kasama ang adoptive father ni Bryce na si Ambassador William O'Connor. Nais nitong malaman ang lahat ng nangyari sa anak mula nang lumayas ito ng Amerika hanggang sa makita ito nina Mac. Nakikinig lamang sila sa pagsasalaysay nito.

First impression ni Mackenzie sa dalaga ay mahiyain at iyakin ito. Iyong tipong magtititili kapag nakakita ng insekto o magrereklamo kapag ibinilad sa ilalim ng araw. Pero habang nakikinig siya, naisip niyang kaya naman nitong alagaan ang sarili. She was stronger than she looked. Hindi rin naman ito maarte pero she was definitely not as tough as Mallory. She wasn't as pretty either.

She was probably of average height for a woman, but he was 6'3" and outweighed her by a hundred pounds so kahit gaano pa ito katangkad, kung itatabi ito sa kanya, mukha pa rin itong maliit.

Kumukulot ang mahaba nitong buhok na naka-ponytail. Nangungusap ang mga matang basa sa luha na napapaligiran ng makakapal na pilik. Matangos ang ilong nito at maganda ang hubog ng mga labi. Maganda naman din si Bryce in a quiet way. Hindi tulad ni Mallory na matingkad ang kagandahan.

At kung alam lang ni Cameron na crush pa rin niya ang fiancée nito, gigilitan siya ng leeg ng pinsan.

Nang matapos ang kuwento ni Bryce, siya naman ang binalingan ni Ambassador O'Connor. "I want to know what you have in mind to protect my daughter," derechang usisa ng embahador.

Nakita ni Mac na sinulyapan siya ni Bryce bago ito nag-iwas ng tingin. Buong umaga niya itong nahuhuling sumusulyap sa kanya pero nag-iiwas ng tingin kapag nahuhuli niya ito.

Kumunot ang noo niya. Ano ang akala nito sa kanya, si Medusa? Na magiging bato ito kapag tiningnan siya sa mga mata?

"Mac?" mahinang udyok ni Cameron mula sa tabi niya. Kanina pa pala naghihintay ang mga nasa loob ng silid na sabihin niya ang plano nila para sa pagbabantay sa dalaga. At kanina pa pala siya nakasimangot sa kinauupuan at tahimik na naghihimutok.

Ang plano ay si Russel Manalo ang i-assign sa pagbabantay kay Bryce. Mas may experience ito sa pagiging security specialist ng mga political figures dahil anak ng dating Vice President ang asawa nito, at kasalukuyang Vice President ang tiyahin nito.

Pero nang sulyapan niya si Bryce at nahuli na naman niya itong nag-iwas ng tingin, nabuo ang kanyang desisyon.

"I'm going to be her security specialist."

Hindi lang ang dalaga ang mabilis na napatingin sa kanya. Kasabay niyon ang paglingon nina Cameron at Mallory. Alam kasi

ng mga ito ang orihinal na plano.

Well, he was not their commanding officer for this mission for nothing. Para que na siya ang tumatayong team leader nila kung hindi niya puwedeng baguhin ang mga plano?

"Hindi ko kailangan ng bodyguard!" Puno ng panic ang tinig ng dalaga.

Hindi niya napigilan ang sarkasmo. "At hindi ko rin kailangan ng alaga pero here we are."

Inirapan siya ni Bryce at kinailangan niyang kagatin ang loob ng kanyang mga pisngi para hindi siya mangiti.

Bumaling siya kay Ambassador O'Connor. "As I said, I'm going to handle this case. Miss Fuentes will have me around while she's in this base, and an additional three-man team if she needs to go out."

"Bakit hindi na lang si Kuya Cam ang bodyguard ko?" nakasimangot na sabat ni Bryce. "Bakit kailangang ikaw pa?"

Binigyan niya ito ng alam niyang antipatikong ngiti. "Dahil hindi lang guard duties ang kailangan naming gawin sa kaso mo, Miss Fuentes." Humalikipkip siya. "Tell me, paano mo pinaghandaan ang pagdating ng araw na ito?"

Naningkit ang mga mata ni Bryce. "Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Did you train? Nag-target practice ka ba? Did you take self-defense classes? Exercise?"

Nakita niyang parang lumiyab ang mga mata ng dalaga. "Are you saying I'm fat, Soldier?" mabagal nitong sinambit ang bawat kataga.

"I'm not in the army, Ma'am, so I'm not a soldier," muling nagpipigil ng ngiti niyang sagot. "And no, I'm not saying you're fat. It was just a question. No offense. I just wanted to know kung anong klaseng training pa ang kailangan mo. Kung marunong ka nang humawak ng baril o kung marunong ka pala ng martial arts. Para alam ko kung ano pa'ng kailangan kong ituro sa 'yo."

Humalukipkip ito. "Kung bodyguard kita, para saan pa't kailangan kong matuto ng mga ganyan? Ililigtas mo naman ako, di ba? Kaya ka nga babayaran ni Daddy," mapanghamon nitong pahayag.

Hindi na niya napigil ang ngiti. Ang cute-cute kasi nito habang naniningkit. Ang inaasahan niyang makita ay isang babaeng tatango-tango lang sa lahat ng sasabihin niya, but no. After she was done being intimidated by him, she was standing up for herself at walang takot siyang sinasagot-sagot. He liked that she wasn't the doormat he was expecting her to be. Lalaban ito kung kinakailangan.

"Tao ako, Ma'am. Tinatablan ako ng bala," sagot ni Mac. "Kung may mangyari sa 'kin habang binabantayan kita, kailangang

alam mo kung paano alagaan ang sarili mo."

Exaggerated ang mahabang buntong-hiningang pinawalan ng dalaga at umikot pa ang mga eyeballs nito. "Marunong akong bumaril," imporma ni Bryce. "And I took some self-defense classes a few years ago. I jog everyday and I do Yoga. And I know archery."

Tumango siya. "That's a start. Kung wala kang gagawin ngayon, we can take a tour of the training grounds."

Kumunot ang noo nito sa direksyon niya. "Ngayon na?"

Nagtama ang kanilang mga mata, pero imbis na mag-iwas ng tingin, nanatili nitong pinagmamasdan ang kanyang titig. He held her gaze, daring her to look away first. She didn't. May kung anong init ang nagsimula sa sikmura ni Mac.

"Excellent," saad ng adoptive father ni Bryce at nagulat ang binata. Nalimutan na niyang may kasama nga pala sila sa silid. Sinulyapan niya si Cam at nakitang nakatitig sa kanya ang pinsan. Nakakunot ang noo nito at pinagmamasdan lamang siya.

"When will your training start?" tanong ni Ambassador O'Connor.

"As soon as possible," sagot ni Mac.